Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Si Pedro at Ang Kapangyarihan ngPanalangin



Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Ang apostoles na si Pedro ay naglakbay sa buong bansa o bayan upang masibihan ang iba ng tungkol kay
Hesus.

Isang araw, sa bayan ng Lydda, nakatagpu siya ng mama na nasa kama, paralitiko, ng walong taon.

"Si Kristu Hesus ay magpagaling sa iyo," ang sabi ni Pedro.

"Yumaon ka at ayusin
ang iyong kama."
Kaagad tumayo
ang mama. Nang
nakita ito ng
mga tao sila ay
lumingon sa
Diyos.

Sa bayan na malapit sa Jopa, ang mga tao ay nalungkot. Ang isang Kristianong babae na si Dorkas
ay kamamatay lamang.

Ang mga kaibigan ay nalungkot habang hinanda ang kanyang katawan upang ilibing, at saka ilagay sa ibabaw
na silid doon sila magluksa na sama-sama.

Ngunit yong mga kaibigan ni Dorkas ay nakarinig na si Pedro ay nasa bayan.

Tinawag nila
si Pedro na
papuntahin sa
Jopa kaagad.

Nang siya'y
dumating
doon sa
ibabaw na
silid, ...

... ang mga balo ay pinakita nila kay Pedro ang balabal at mga suot na ginawa ni Dorkas para sa kanila.

Ngunit linabas ni Pedro ang lahat nang mga ito, at lumuhod at nanalangin. At lumingon sa katawan sinabi niya, "Dorkas, tumayo ka."

At binuksan
ang mga mata,
at nang nakita
si Pedro, siya'y
umupo.



Ibinigay ni Pedro
ang kanyang mga
kamay sa kanya
at inalsa siya; at
tinawag niya ang
mga Kristiano
at mga balo,
pinakikilala siya sa
kanila na buhay.

At ito'y nalaman
sa buong Jopa,
at marami ang
tumanggap kay
Hesus.

Nanatili si Pedro ng matagal sa Jopa,

sa bahay sa tabi ng dagat.

Isang araw, umakyat siya sa ibabaw ng bahay upang manalangin.

Kung nakatingin siya sa mga pader ng siyudad, marahil makita

niya at tatlong

manlalakbay naparoon hinanap siya.

Ang mga lalaking ito ay mga alila ng kawal na taga Roma, si

Kornelius na sumasamba ng Diyos.

Pinayaon ni Cornelius upang hanapin si Pedro dahil sa ang anghel ay
JOPPA
nagsabi sa kanya sa guni- guni, "Kunin si Pedro.

Siya ay nakatira na kasama si Simon, isang angungulay-balat

Habang si Pedro ay nanalangin sa bubong, pinadalhan siya ng Panginoon ng guni-guni. Parang isang malaking pleyego ay binaba sa lupa.

Itong pleyego ay puno ng sari-saring hayop at mga ibon. Nahalata ni Pedro na ang mga hayop na ito ay hindi malinis kainin para sa mga Hudyo.

Ang ibig sabihin ng ang mga Hudyo na reliheyoso ay hindi maaring kumain ng mga ito. Ngayon, may tinig na kanyang naririnig. "Tumayo ka Pedro, magpatay at kumain."



“Hindi maaari,
Panginoon!”
sinabi ni Pedro
sa Panginoon.
“Dahil sa hindi
pa ako kumain ng
pangkaraniwan
at marumi.”

May tinig na naman
siyang narinig,
AKung ano ang
lininis ng Diyos
ay huwag mong
tawaging
karaniwan.

Hindi naunawaan ni Pedro
kung anong ibig sabihin
ng pinkitang
guni-guni.



Habang siya ay nagisip, sinabi ng Diyos sa kanya na may tatlong lalake na darating hinanap siya at siya ay dapat sumama sa kanila.



Nang ang tatlo ay dumating, sinabi nila kay Pedro na may banal na anghel na nagsabi kay Cornelius to kunin si Pedro, …

… sino ang nakaalam na ito ay panguna ng Panginoon.

Sa sunod na araw, siya at anim na mga kaibigan ay pumunta sa bahay ni Cornelius.



Marahil, nang siya'y pumaroon sa bahay nang hindi Hudyong lalake, si Pedro ay unti-unting naunawaan ang ibig sabihin ng Diyos, …



... na ang Diyos ay iniibig ang lahat ng mga tao - na ang Diyos ay gusto na ang lahat ng mga bansa ay makaalam na si Hesus ay tagapagligtas ng buon mundo.

Nang dumating si Pedro sa bahay ni Cornelius, si Cornelius ay napadapa sa lupa na sumasamba sa harap ni Pedro.

“Tumayo ka. Ako ay tao rin,” sinabi ni Pedro kay Cornelius.

Ngayon sinabihan niya ang lahat ng mga tao sa bahay, …

… “Alam ninyo na labag sa batas kung ang isang Hudyo ay makipagsama o pupunta sa ibang bansa.”

“Ngunit ang Panginoon ay pinaalam sa akin na hindi ko tawagin ...



... ang kahit sino man na pangkaran iwan o marumi."

Sinabi ni Pedro sa mga hentil, hindi Hudyo, na si Hesus ay anak ng Diyos na siya ay namatay sa Krus at nabuhay muli upang maligtas ang buong mundo.

Kaya ang Banal na Esperitu ay dumating sa kanilang lahat at sila ay nagsisamba at nagsipuri sa Diyos. Ang mga anim na kaibigan ni Pedro na mga Hudyo ay nagulat.

Ito ay gaya ng Pentecoste. Ang kaloob na Banal na Esperitu ay ibinuhos sa mga Hentil o hindi Hudyo rin.

Ngayon nagbawtismo si Pedro ng mga bagong nanampalataya kay Hesus.

Doon sa Jerusalem, ang mga Kristiano ay galit kay Pedro nang dinalaw niya ang mga Hentil.

Ngayon sinabi ni Pedro ang mga guni-guning ipinahayag ng Diyos kay Cornelius at sa kanya habang sila ay nanalangin.

Nang narinig nila itong mga bagay, ang mga Kristiano sa Jerusalem ay tumahimik.

At kanilang pinuri ang Diyos,
Sino sa pamamagitan ng dalangin,
ipinakita sa simbahang Kristiano
na ang pagibig ng Panginoon
ay para sa
lahat.

Si Pedro at Ang Kapangyarihan ngPanalangin

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mga Gawa 9-12

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16